10

**Republic of the Philippines**
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO 10 (Ikaapat na Markahan – USLeM 8)


**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Nelia G. Abejar, Head Teacher V, MNHS-Main |
| **Tagaguhit:** | Jon Christian Mejos, Teacher I, MNHS-Main |
| **Tagalapat:** | Rezel N. Nacis, Teacher III, MNHS-Main |
| **Manunulat ng LAS:** | Nelia G. Abejar, Head Teacher V, MNHS-Main |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Nelia G. Abejar, Head Teacher V, MNHS-Main |
| **Tagasuri ng Wika:** | Mary Ann O. Wijetunge, Master Teacher I, MNHS-Main |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR |
| | Dr. Dominico C. Idanan, SDS SDO-Muntinlupa City |
| | Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR |
| | Madeline Ann L. Diaz, CID Chief, SDO-Muntinlupa City |
| | Dr. Ma. Gloria G. Tamayo, Regional EPS, Filipino |
| | Dr. John Albert B. Colle, EPS-Filipino, SDO-Muntinlupa City |
| | Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR |
| | Dr. Gina U. Urquia, LR EPS SDO-Muntinlupa City |
| | Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR |
| | Cecilia A. Ilarde, Librarian SDO-Muntinlupa City |



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

| Aralin 8 | Panitikan: *El Filibusterismo*<br>Wika: Angkop na mga salitang naghahambing |
|---|---|

## INAASAHAN

Sa araling ito ay magagamit mo ang mga salitang naghahambing sa pagsusuri ng dalawang nobela. Maipakikita mo ang iyong kahusayan sa pagsulat at dito masusukat ang lalim ng iyong naging pag-unawa sa nobelang El Filibusterismo.

Sa pagtatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makapagsusuri ng iba pang nobela batay sa teoryang pampanitikan. Gayundin, makatutulong sa pagpapayaman ng kaisipan ang sumusunod na kasanayan:

1. Naisusulat ang maayos na paghahambing ng binuong akda sa iba pang katulad na akdang binasa **(F10PU-IVg-h-88)**
2. Nagagamit ang angkop na mga salitang naghahambing **(F10WG-IVg-h-81)**
3. Nasusuri ang tauhan na may kaugnayan sa: mga hilig/interes kawilihan / kagalakan / kasiglahan / pagkainip / pagkayamot; pagkatakot; pagkapoot; pagkaaliw / pagkalibang at iba pa **(F10PU-IVg-h-88)**
4. Nasusuri ang nobela batay sa pananaw / teoryang:
   - romantisismo
   - humanismo
   - naturalistiko
   - at iba pa **(F10WG-IVg-h-81)**

## UNANG PAGSUBOK

**Panuto:** Tukuyin ang teoryang pampanitikan sa bawat bilang.
Piliin sa loob ng kahon ang letra ng wastong sagot.

| | |
|---|---|
| A. Teoryang Realismo | D. Teoryang Romantisismo |
| B. Teoryang Humanismo | E. Teoryang Eksistensyalismo |
| C. Teoryang Naturalismo | |

____ 1. Ang layunin ng teoryang pampanitikan na ito ay ipamalas ang iba't ibang paraan ng tao o sumasagisag sa tao sa pag-aalay ng kaniyang pag-ibig sa kapwa, bansa at mundong kinalakihan.

____ 2. Ang layunin ng teoryang pampanitikan na ito ay ipakita na ang tao ang sentro ng mundo. Binibigyang-tuon ang kalakasan at mabubuting katangian ng tao.

____ 3. Ang layunin ng teoryang pampanitikan na ito ay ipakita na may kalayaan ang tao na pumili o magdesisyon para sa kaniyang sarili na siyang pinakasentro ng pananatili nito sa mundo.


____ 4. Ito'y teoryang pampanitikan na naniniwalang walang malayang kagustuhan ang isang tao dahil ang kaniyang buhay ay hinuhubog lamang ng kaniyang kapaligiran.

____ 5. Ang layunin ng panitikan ay ipakita ang mga karanasan at nasaksihan ng may-akda sa kaniyang lipunan.

## BALIK-TANAW

**(Palaisipan)**

**Panuto:** Basahin ang mga pahayag na nakatala sa PAHALANG at PABABA. Kilalanin ang mga tauhang inilalarawan sa bawat bilang.




**Pahalang**
**1.** Ang binatang nagsikap para sa babaeng iniibig at sa inang pinakamamahal.
**2.** Lumaban sa korporasyon ng mga prayle.
**3.** Ang ugat ng kasamaan at kasiphayuan na itinapon ng pari sa karagatan.
**4.** Ang binatang sumisimbolo sa kabataang pag-asa ng bayan. Kasintahan ni Paulita.
**5.** Ang anak ni Tales na pumasok na naging guwardiya sibil.

**Pababa**
**1.** Sasakyang kasimbagal ng pagong sa pag-usad sa gitna ng Ilog Pasig.
**2.** Ginagawa ito tuwing ikaanim ng gabi na nagpapaalala sa kaluluwa ng mga namatay.
**3.** Isang mangangahoy na nakatira sa gubat at umampon sa batang anak ni Sisa.
**4.** Ang babaeng tumalon sa kumbento pagkatapos humarap sa pari.
**5.** Pilipinong sumisimbolo sa pagkamakasarili at walang pakialam sa bayan.

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Ang El Filibusterismo ay isinulat ni Dr. Jose P. Rizal upang gisingin ang damdaming makabayan ng mga Pilipino. Ito ay dumaan sa napakaraming pagsubok bago natapos ng ating pambansang bayani. Katulad din ng nobelang Noli Me Tangere na inialay niya para sa bayan, inihandog niya ito sa tatlong paring martir ang GOMBURZA na nagkaroon ng malaking bahagi sa kaniyang buhay. Ang El Filibusterismo ay nobelang politikal na naglalarawan sa mga pangarap, kapighatian at kabiguan ng mga tauhan bagamat nag-uudyok ito ng pagbabago at pagkilos para sa kalayaan ng bayang binulag ng pananampalataya at mga pangako. Ito ay may layuning gumising sa diwa ng mga Pilipino, manawagan ng pagkilos, magbigay ng aral at inspirasyon at magsilbing daan tungo sa pagbabago ng sarili at lipunan.

Malaki ang naitulong ng mga panulat ni "Pepe" o Dr. Rizal sa makulay na kasaysayan ng mga katipunero at mga bayani ng bansa. Isa itong akdang nanganak ng mga panibagong akdang gumising sa mga Pilipino upang ipaglaban ang kalayaan. Isang walang kamatayang akdang pampanitikan na punong-puno ng maiigting na isyung panlipunan na itinago sa mga simbolismo at ginamitan ng iba't ibang **TEORYANG PAMPANITIKAN** upang ito ay maituring na mataas na uri ng panitikan. Bigyang pansin natin ang mga TEORYANG PAMPANITIKAN na ginamit sa nobela.

Isang sistema ng mga kaisipan at kahalagahan ng pag-aaral na naglalarawan sa tungkulin ng panitikan, kabilang ang layunin ng may-akda sa pagsulat at layunin ng tekstong panitikan na ating binabasa.

Narito ang mga teoryang pampanitikang ginamit sa nobelang El Filibusterismo at ang mga halimbawa nito:

1. **TEORYANG KLASISMO:**

   Ang layunin ng panitikan ay maglahad ng mga pangyayaring payak, ukol sa pagkakaiba ng estado sa buhay ng dalawang nag-iibigan, karaniwan ang daloy ng mga pangyayari, matipid at piling-pili sa paggamit ng mga salita at laging nagtatapos nang may kaayusan.

   **Halimbawa:**

   **Kabanata XXIV: Mga Pangarap**

   Matiyagang hinihintay ni Isagani ang kaniyang kasintahan na si Paulita. Habang naghihintay ay sumagi sa kaniyang isipan ang mga pangarap niya para sa Inang Bayan.

   Matagal ang ipinaghintay ng binata sa kasintahan. Paalis na siya nang dumating ang isang karwahe lulan sina Juanito, Paulita at si Donya Victorina. Magiliw siyang tinanong ng matanda kung mayroon na ba siyang balita kay Don Tiburcio. Sinagot naman ito ni Isagani na kunwari ay walang alam.

   Ipinagtapat ni Paulita sa kasintahan na ang kaniyang Tiya Victorina ang may gusto kay Juanito. Dahil dito ay naging lubos ang kagalakan ng binata kaya sinabi rin niya sa dalaga ang totoong kalagayan ni Don Tiburcio. (Hindi nagkatuluyan si Paulita at Isagani dahil mas higit ang yaman ni Juanito Pelaez kaya ito ang pinili ni Donya Victorina na pakasalan ni Paulita.)

2. **TEORYANG ROMANTISISMO:**

   Ang layunin ng teoryang ito ay ipamalas ang iba't ibang paraan ng tao o sumasagisag sa tao sa pag-aalay ng kaniyang pag-ibig sa kapwa, bansa at mundong kinalakhan. Ipinakikita rin sa akda na gagawin at gagawin ng isang nilalang ang lahat upang maipaalam lamang ang kaniyang pag-ibig sa tao o bayang napupusuan. Ito ay kabaliktaran ng realismo dahil nagpapakita ang mga pangyayari ng pagtakas sa katotohanan.

**Halimbawa:**

**Kabanata XXIII: Isang Bangkay**

Tahimik na nag-aaral si Basilio nang biglang dumating si Simoun sa tahanan ni Tiyago. Kinumusta ni Simoun ang kalagayan ng binatang nagkasakit pagkatapos ay sinabi niya ang kaniyang pakay kay Basilio.

Sa kabila ng matigas na pagtanggi ni Basilio ay muli niya itong pinakiusapan. Humingi siya ng pabor na kung maaari ay pamunuan ng binata ang isang pulutong na maghasik ng kaguluhan sa kalakhang Maynila.

Ito ang naisip na paraan ni Simoun para maitakas niya sa kumbento si Maria Clara. Nagulat ang binata sa tinuran ni Simoun kaya sinabi niya sa mag-aalahas na pumanaw na si Maria.

Nagulat at nayanig ang mundo ni Simoun sa kaniyang narinig. Ayaw niyang maniwala sa sinabi ni Basilio pero ipinakita ng binata ang sulat ni Padre Salvi na labis na tinangisan ni Tiyago. Hindi maiwasan ni Basilio ang maawa sa nanlumumo na si Simoun. (Si Maria Clara ang mitsa o dahilan ng pagbabalik ni Crisostomo Ibarra bilang Simoun na isang mangangalakal. Ang iligtas ang babaing pinakaiibig.)

3. **TEORYANG HUMANISMO:**

Ang teoryang humanismo ay nagtutuon ng pansin sa pagpapahalaga sa tao. Ito ay isang pag-aaral tungkol sa pananaw ukol sa paniniwala o prinsipyo ng tao. Binibigyan rin ng pansin ang kakayahan, kalakasan at talento ng tao.

**Halimbawa:**

**Kabanata XIII: Ang Klase sa Pisika**

Nagtatawag na ang guro ni Placido Penitente ng mga pangalan ng klase. Napahinto si Placido at naisip niyang pagkakataon na niya ito upang makilala siya ng gurong magtatapos na ang klase ay ni hindi man lamang ito natawag. Pinaingay niya ang sapatos sa paghakbang na ikinagulat ng gurong pari na tumingin ng masama sa kaniya.

Ang maestro sa Pisika na tanyag sa paaralan ng San Juan de Letran ay si Padre Millon. Isa-isa niyang tinatawag ang mga mag-aaral upang tanungin ng aralin. Ang magkaibigang Pelaez at Placido ay nagsesenyasan na magturuan. Inapakan ni Pelaez ang paa ng kaibigan bilang hudyat ngunit napasigaw si Placido.

Si Placido ay napagbalingan ng inis ng guro at tinanong. Utal-utal siyang sumagot at nagalit ang pari at binigyan siya ng mababang marka habang nakatanggap pa ng lait at mura mula sa pari. Nainis si Placido at biglang umalis sa klase na ikinagulat ng lahat. (Si Placido Penitente ay matalinong mag-aaral ng Tanauan, Batangas ngunit lihim na nagdurusa dahil sa sistema ng edukasyon.)

4. **TEORYANG NATURALISMO:**

Ito ay teoryang pampanitikan na naniniwalang walang malayang kagustuhan ang isang tao dahil ang kaniyang buhay ay hinuhubog lamang ng kaniyang herediti at kapaligiran. Nagpapakita ito na kahit simpleng tao ay dumaraan din sa mahirap na suliraning panlipunan.

Ang akdang pampanitikan sa teoryang ito ay naglalarawan ng kasamaan ng tao sa daigdig na higit na maganda ang marumi at karumal-dumal na pangyayari. Ang mabuting tao ay naitutulak na maging masama ng mga pangyayari sa kaniyang paligid. Nabibigyang-pansin din sa teoryang ito ang mga saloobin, damdamin, kilos, at gawi ng mga tauhan.

**Halimbawa:**

**Kabanata VII: Si Simoun**

Inamin ni Simoun na siya nga si Ibarra. Isinalaysay nito ang paglilibot sa buong daigdig upang magpakayaman. Nagbalik siya upang ibagsak ang pamahalaang

marumi sukdang ipagdanak ng dugo. Siya raw ay nagpapalala sa pag-iimbot at pagmamalabis ng mga tao sa pamahalaan at simbahan upang gisingin ang damdamin ng bayan sa paghihimagsik.

Sinabihan niya sina Basilio at mga kasamahan na nagbabalak magtayo ng paaralan ng wikang Kastila at humihinging gawing lalawigan ng Espanya ang Pilipinas at bigyan ng pantay na karapatan ang mga Kastila at Pilipino.

Ito raw ay magbibigay-daan sa bansa sa pagiging bayang walang sariling pagkukuro, walang kalayaan at pati kapintasan ay hiram dahil sa pagpipilit manghiram ng wika. Nais daw ni Basilio na matulad ang Pilipinas sa mga bansang magugulo sa Timog-Amerika.

Ayon kay Basilio ang Kastila ay isang wikang magbubuklod-buklod sa mga pulo ng Pilipinas. Pinabulaan ito ni Simoun:

"Ang Kastila kailanman ay hindi magiging wikang pangkalahatan sa bayang ito; sapagkat sa mga kulubot ng kaniyang isip at sa pintig ng kaniyang puso ay wala ang mga akmang pananalita sa wikang iyan." Nagpatuloy si Simoun ukol sa kilusang ibinunsod ng kabataan. Bukod sa isang pag-aaksaya ng panahon ay nilinlang ninyo ang bayan sa pag-asa sa wala at tinutulungan ninyong magyuko ng ulo sa mga mapangamkam.

Sa kasalukuyang kalagayan daw ay hindi makapanggagamot nang mahusay si Basilio ayon kay Simoun. Ang sakit ng bayan ay siyang higit na nangangailangan ng kagamutan. Walang halaga ang buhay na hindi nauukol sa isang layuning dakila. (Si Simoun ay buhat sa mabuting pamilya subalit binago ang kabutihang iyon ng mga pagtataksil sa kanilang pamilya ng mga lihim na kaaway ng kaniyang ama.)

5. **TEORYANG MARKISMO/MARKISISMO:**

Ang layunin ng teoryang ito ay ipakita na ang tao o sumasagisag sa tao ay may sariling kakayahang umangat buhat sa pagdurusang dulot ng pang-ekonomiyang kahirapan at suliraning panlipunan at pampolitika. Ang mga paraan ng pag-ahon mula sa kalugmukan sa akda ay nagsisilbing modelo para sa mga mambabasa.

**Halimbawa:**
**Kabanata VI: Si Basilio**

Namatay ang kaniyang ina sa gubat ng mga Ibarra nang may dumating na lalaking sugatan. Pinahakot siya ng kahoy na ipansusunog sa bangkay ng ina at ng sugatang lalaki. May dumating pang isang lalaki. Tumulong ito sa pag-aayos ng kahoy at paglilibing sa kaniyang ina.

Umalis siya sa gubat at lumuwas ng Maynila na maysakit at gulanit na damit. Nais niyang pasagasa sa mga karuwahe dahil sa hirap at gutom. Natagpuan niya sina Kapitan Tiyago na katatapos lang dalhin sa beateryo si Maria Clara. Kinuha siyang katulong o utusan. Pinag-aral sa Letran. Unang taon: wala siyang nabibigkas kundi ang pangalan niya at ang salitang "adsum" o "narito po."

Minaliit si Basilio dahil sa luma at gulanit na suot ngunit lagi siyang nagsasaulo ng mga leksyon. Nang matuos niyang sa tatlo o apat na paraan sa kaniyang klase ay may 40 lamang ang nagtatanong, hindi na sumama ang loob niya. Nang magsulit, nasagot niya ang tanong sa kaniya at ang marka niya para sa unang taon ay aprobado. Ang siyam niyang kasamahan sa pagsusulit ay nangag-ulit na lahat.


Pagkatapos, naging matiyaga at masigasig sa pag-aaral si Basilio. Kaya hindi pa man nakatatapos ay nakapanggamot na siya. Huling taon na ng pag-aaral ni Basilio. Pagkatapos niya'y pakakasal na sila ni Huli. (Si Basilio ay larawan ng taong nagmula sa hirap, mag-isa sa buhay subalit hindi ito naging hadlang at napatunayan niyang sa pagsisikap maipakikita ang husay ng isang tao.)

**Tala:** Basahing muli ang mga kabanatang ibinigay na halimbawa upang higit na maunawaan ang teoryang ginamit dito.

## GAWAIN

### GAWAIN 1: HAMBINGAN TAYO!!!

**Panuto:** Suriin ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mga akdang pampanitikang nabasa na. Isulat ang mga kaisipan nito.




Kaisipan:______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________.

### GAWAIN 2: AKDA KO, BASAHIN MO!

**Panuto:** Sumulat ng isang maikling talata tungkol sa iyong mga karanasan. Ihambing ito sa mga kaugnay na pangyayaring nabasa mo sa akda ni Dr. Jose P. Rizal o sa iba pang akdang may hawig sa iyong isinulat.

Pamagat:______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________.

Akdang may hawig na pangyayari:
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________.

## TANDAAN

Ang paghahambing ay paraan ng paglalahad na nakatutulong sa pagbibigay-linaw sa isang paksa sa pamamagitan ng paglalahad ng mga pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawang bagay na pinaghahambing. Ang paghahambing ay ginagamit kung naghahambing ng dalawang antas o ilang katangian ng tao, bagay, ideya, pangyayari, at iba pa. Ang paghahambing ay isa sa tatlong antas ng pang-uri na naghahambing sa dalawang bagay.

**Dalawang uri ng paghahambing:**
**1. Pahambing o Komparatibo** – Ito ay ginagamit kung naghahambing ng dalawang magkaibang antas ng katangian ng tao, bagay, ideya, pangyayari, at iba pa.

**May dalawang uri ang kaantasang pahambing:**

a. **Paghahambing na magkatulad** - Ginagamit ito kung ang dalawang pinaghahambing ay may patas na katangian. Ginagamitan ito ng mga panlaping **ka, magka, ga, sing, kasing, magsing, magkasing, at mga salitang paris, wangis/ kawangis, gaya, tulad, hawig/ kahawig, mistula, mukha/ kamukha, ka-**. Ang mga ito ay nangangahulugang kaisa o katulad.
b. **Paghahambing na di-magkatulad** – kung nagbibigay ito ng diwa ng pagkakait, pagtanggi o pagsalungat sa pinatutunayang pangungusap.

**May dalawang uri ng hambingang hindi magkatulad:**

1. **Hambingang Pasahol** - May mahigit na katangian ang pinaghahambingan sa bagay na inihahambing. Ginagamit ang sumusunod upang maipakita ang ganitong uri ng paghahambing. **Lalo** - nangangahulugan ng pagdaragdag o pagpapahigit sa kulang na katangian. Sinusundan ito ng katuwang na panghambing na **kaysa kay** kung ngalan ng tao ang pinaghahambing, **kaysa sa** ang ginagamit kung ngalan ng bagay / pangyayari. **Di-gasino** - tulad ng ginagamit sa paghahambing ng uri o katangian ng mga tao. Sinusundan ito ng alinman sa mga katagang naghahambing, kabilang ang **gaya, tulad, para** o **paris** na sinusundan ng panandang **ni**. **Di-gaano** - tulad din ito ng **di-gasino** subalit sa mga hambingang bagay lamang ginagamit. **Di-totoo** - nangangahulugan ng pagtawad o pagbabawas sa karaniwang uri. Nagagamit itong pamalit sa **di-gasino** at **di-gaano**.
2. **Hambingang Palamang** - may mahigit na katangian ang inihahambing sa bagay na pinaghahambingan. Naipakikita ito sa tulong ng sumusunod: **Lalo** - ang diwa ng paghahambing ay magiging kalamangan at di-kasahulan kung ang sinasamahang pang-uri ay nagpapahayag ng kalakhan, kataasan, kalabisan o kahigitan. Muli, katuwang nito ang **kaysa/ kaysa sa/ kay**. **Higit/mas, kaysa/kaysa sa/kaysa sa sarili** ay nagsasaad ng kalamangan kung ginagamit ito sa paghahambing. **Labis** - tulad din ng **higit** o **mas**. **Di-hamak** - kung ginagamit ay karaniwang isinusunod sa pang-uri.

**2. Modernisasyon/katamtaman -** Naipakikita ito sa pag-uulit ng pang-uring may panlaping **ma-**, sa paggamit ng salitang **medyo** na sinusundan ng pang-uri, sa paggamit ng katagang **may** na sinusundan ng pang-uring nabuo sa pamamagitan ng mga panlaping kabilaang **ka-, -han**.

**https://www.slideshare.net/daniholic/dalawang-uri-ng-paghahambing**

## PAG-ALAM SA NATUTUHAN

**GAWAIN 3: SUBUKAN MO, ISULAT MO!**

**Gabay sa Pagsulat:**

1. Pumili ng isang isyung panlipunan na nais mong gawan ng isang kuwentong gigising sa kamalayan ng kabataan.
2. Lapatan ito ng isang teoryang pampanitikang magsisilbing gabay mo sa pagpapalutang ng mga kaisipan at damdamin sa akdang susulatin.
3. Gumamit ng mga salitang naghahambing upang mas maging malinaw ang nais iparating sa mambabasa.
4. Pumili ng mga angkop na salitang magpapatibay sa mga pangyayaring nais bigyan ng diin.

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto:** Suriin ang ginamit na teoryang pampanitikan sa mga pahayag. Piliin ang letra ng wastong sagot.

| | |
|---|---|
| A. Teoryang Realismo | D. Teoryang Romantisismo |
| B. Teoryang Humanismo | E. Teoryang Eksistensyalismo |
| C. Teoryang Naturalismo | |

_____ 1. "Magtimpi ka, isipin mo na lang na nahulog sa ilog at sinakmal ng buwaya ang iyong salapi."

_____ 2. "Magtatapos ako ng pag-aaral, magiging manggagamot ako at pakakasalan ko ang babaeng pinakaiibig ko."

_____ 3. "Hinang-hina na ako, wala nang halaga ang buhay dahil wala na rin ang babaeng pinakamamahal ko."

_____ 4. "Tanging ang tao lamang na magtitigis ng dugo ng kaniyang pamilya, ang makapag-aangkin ng lupaing ito."

_____ 5. "Mahal ko ang bayang pinagkakautangan ko ng aking pagkatao."

## Susi sa Pagwawasto

| Unang Pagsubok | BALIK-TANAW: Pababa | Pahalang | Pangwakas na Pagsusulit | Ang GAWAIN 1 at 2, Pag-alam sa Natutuhan ay guro ang magwawasto |
|---|---|---|---|---|
| 1. D | 1. Bapor Tabo | 1. Basilio | 1. B | |
| 2. B | 2. Orasyon | 2. Tales | 2. E | |
| 3. E | 3. Tano | 3. Alahas | 3. D | |
| 4. C | 4. Huli | 4. Isagani | 4. C | |
| 5. A | 5. Pasta | 5. Tano | 5. A | |

## Sanggunian

Marasigan, Emily C. et. al., Pinagyamang Pluma 10. Phoenix Publishing House. 2017
Merida, Marina G. et. al., Bulwagan Kamalayan sa Gramatika at Panitikan. Abiva Publishing House, Inc. 2016
Ramos, Remedios B. et. al., Bagong Hulagway. Instructional Coverage System Publishing, Inc. 2017
Reyes, Alvin Ringgo C. et. al., Diwa ng Wika at Panitikan 10. Diwa Learning Systems Inc. 2016
Sauco, Consolacion P., El Filibusterismo. Booktime Publication. 2006

**Elektronikong Sanggunian**

http://www.philnews.ph/kabanata-13-el-filibusterismo-buod/

http://www.philnews.ph/kabanata-23-el-filibusterismo-buod/

Kabanata 6: Si Basilio (Buod) El Filibusterismo (panitikan.com.ph)